Original Article

# Mga Sexist na Wika sa mga Pahayag ng Piling Politiko sa Facebook: Isang Pagsusuri

Cherry Mae Villastique [1,4], Nadjerah Exsan [2,4], CJ Ann Bala [3,4], Maricel Esoy [4], Alican Pandapatan [4,*]

Received: 13 May 2026; Revised: 02 July 2026;
Accepted: 04 July 2026; Published: 05 July 2026

DOI: https://doi.org/10.66074/V4F9K1X7

**Abstrak**

Ang Facebook ay isang pangunahing online platform sa Pilipinas na nagsisilbing espasyo upang malayang naipapahayag ng mga mamamayan at politiko ang kanilang mga saloobin. Dahil dito, mas nagiging lantad ang paggamit ng mga sexist na salita o wika sa digital na komunidad na ito. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang "sexist na wika" sa mga pahayag ng mga piling politiko sa Facebook gamit ang discourse analysis at pragmatic-feminist lens. Random ang pagkuha ng mga datos. Natuklasan sa pag-aaral na ito na mas madalas ang mga politikong lalaki na gumagamit ng mga sexist na salita, na nagtala ng labing-apat (14) na personalidad, samantalang dalawang (2) babae lamang ang natukoy na gumagamit ng mga ito. Batay sa resulta, mayroong anim (6) na pangunahing kategorya ng sexist na pahayag mula sa pagpapababa ng pagkatao hanggang sa pagnormalisa ng karahasan at ipinakita kung paano nito pinapalala ang hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian at nagdudulot ng panganib sa dignidad, representasyon, at kaligtasan ng kababaihan. Ang bawat pahayag na ito ay may malaking epekto sa buhay ng mga taong nagiging biktima nito. Upang higit na makita at matugunan ang suliraning tinatamasa ng mga kababaihan sa lipunang ito, kinakailangan ang panibagong pag-aaral na sumasaklaw sa kolektibong aksyon o regulasyon sa mga pampublikong pahayag, responsableng pag-uulat ng media, at mas malalim na edukasyon sa gender sensitivity upang maiwasan ang patuloy na pagnormalisa ng sexist na wika at maprotektahan ang karapatan ng bawat indibidwal.

[1] Adventist Medical Center College, Iligan, Philippines
[2] Bubong Madanding Elementary School, Marantao, Philippines
[3] Mindanao Mission Academy of Seventh-Day Adventist, Inc, Manticao, Philippines
[4] Mindanao State University-Main Campus, Marawi, Philippines
* alican.pandapatan@msumain.edu.ph

Volume 2, Issue 3, September 2026

*Susing-salita*: kasarian at wika, mga antas ng pormalidad, panayam, sosyolinggwistika, wika ng kababaihan

**Abstract (English)**

Facebook is one of the most widely used online platforms in the Philippines, functioning as a public sphere where citizens and political actors freely express their opinions and viewpoints. Within this digital environment, the use of sexist language has become increasingly visible, prompting the need for critical examination. This study investigates sexist language in the Facebook statements of selected politicians through the lenses of discourse analysis and feminist pragmatics, using randomly sampled data from publicly accessible posts. The findings reveal that male politicians were more frequently associated with sexist expressions, with fourteen (14) identified individuals exhibiting such language compared to only two (2) female politicians. Analysis further identified six (6) major categories of sexist discourse, ranging from the denigration of women's personhood to the normalization of violence, demonstrating how these linguistic practices reinforce gender inequality and threaten women's dignity, representation, and safety. The study underscores the significant impact of sexist discourse on its targets and highlights the need for further research on collective interventions, regulatory mechanisms for public communication, responsible media reporting, and gender-sensitivity education to counter the normalization of sexist language and promote the protection of individual rights in contemporary society.

## 1. Introduksyon

Sa makabagong panahon o ika-21 siglo, talamak na ang social media na nagsisilbing luklukan ng artistikong gamit ng wika. Madalas na ginagamit ito ng bawat tao sa iba't ibang bahagi ng mundo upang ipahayag ang kanilang mga saloobin, ideya, nadarama, adhikain sa buhay, at maging sa komunikasyon. Ginagamit ito sa iba't ibang disiplina tulad ng akademya, gobyerno, mainstream media, negosyo, kalakalan, at maging ng karaniwang tao o masa bilang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Ayon kina Khalaf et al. (2023), "Lalong nahihirapan iimahin ng mga kabataan ang kanilang buhay kapag walang social media." Nangangahulugan lamang ito na sa bawat ikot ng buhay ng tao, bata man o matanda, ay kasabay na umiinog ang social media sa lipunang kanyang ginagalawan.

Malaki ang naging impluwensya ng internet sa paraan ng pakikipag-usap, pakikipagkomunikasyon, at pakikisalamuha ng mga tao sa isa't isa, kabilang na kung paano nila pinananatili ang kanilang kahalagahan sa online world. Sa patuloy na paglawak ng social media, lalo itong tinatangkilik sa buong mundo anuman ang demographic factors na kinabibilangan ng tao sa lipunan. Ito ay nagiging isang

makapangyarihang kasangkapan sa panlipunang komunidad na gumaganap ng mahalagang papel sa pag-impluwensya sa mga aksyon ng mga gumagamit nito (Mahmud & Idegbekwe, 2020).

Ang social media ay isang interaktibong teknolohiya at online platform na nagbibigay-daan sa bawat tao upang makalikha, makapagbahagi, makipagtalastasan, at makapagpalitan ng impormasyon at ideya tulad ng Reddit, Twitter, Pinterest, Snapchat, Instagram, TikTok, YouTube, at Facebook sa pamamagitan ng mga virtual network. Sa madaling salita, ang social media ay isang makapangyarihang kasangkapan na nagsisilbing "digital na komunidad" na nag-uugnay sa mga tao sa buong mundo. Matanda, bata, mayaman, mahirap, propesyonal man o hindi, masa o gobyerno ay gumagamit ng social media, lalo na ang online platform na "Facebook" (Bellis, 2025, ThoughtCo Article). Gamit ang online platform na Facebook, naging bukas ang masa o mamamayan sa pagbabahagi ng kanilang mga naiisip, lalo na sa mga balita hinggil sa loob ng gobyerno o kamara, sa tulong ng malayang pagbabahagi ng balita online gamit ang kanilang sariling newsfeed, Facebook Reels, at maging Facebook Live. Dahil sa pagkakaroon ng bawat indibidwal ng freedom of speech o malayang pagpapahayag, hindi maiiwasang umusbong ang mga salitang sexist, lalo na sa loob ng kamara na kinabibilangan ng iba't ibang sangay ng mga opisyal ng gobyerno.

Ang sexist language ay isang kasangkapan na nagpapatibay sa hindi pantay na relasyon ng kasarian sa kabila ng mga stereotype na ginagampanan ng kasarian, microaggressions, at sekswal na panliligalig o harassment (Rodriguez at Rodriguez, 2019). Ang wika ay maaaring gamitin sa pang-aabuso, tulad ng sa kaso ng sekswal na panliligalig o harassment, upang ipagpatuloy ang mga stereotype. Maaari itong bumuo ng mga banayad na mensahe na nagpapatibay sa hindi patas na relasyon, tulad ng paniniwalang "hindi maaaring mag-alaga ng mga bata ang mga lalaki" o "hindi maaaring maging inhinyero ang mga babae," na maaaring makaapekto sa kung paano tingnan ng isang tao ang kanyang mga kakayahan. Sa kabuuan, ang wika ay isang makapangyarihang puwersa na may mahalagang papel sa kung paano nakikita ng isang tao ang mundo.

Ang wikang sexiest ay tumutukoy bilang isang hanay ng mga kasanayang pangkomunikasyon na maaaring pasalita at pasulat na naghahayag sa pamamagitan ng wika ng hindi pantay na representasyon ng mga kasarian (Sczesny et al., 2016). Dahil dito, maaari itong ituring bilang isang banayad na anyo ng sexism na gayunpaman ay maaaring makapinsala sa mga kababaihan (Swim et al., 2004). Binangit nina De Lemus at Estevan-Reina (2020) sa kanilang artikulo na sinabi ni (Hyden, 1984) sa kanyang aklat na "Children's understanding of sexist language. Developmental Psychology". Ang wikang sexist ay maaaring maging partikular na mahirap harapin, dahil ito ay natutunan sa napakaagang edad at nagiging isang linguistic na gawi (Lips, 2020). Ang isa sa mga pinakakaraniwang paraan kung saan ang mga ganitong kawalaan ng simetrya ng kasarian ay ipinahayag sa wika ay ang paggamit ng eksklusibong wika; ibig sabihin, tahasang tinutukoy lamang ang isang gramatikal na kasarian (panlalaki) bilang isang generic na anyo (Gabriel & Gygax, 2016)

Nangangahulugan lamang ang pagkakaroon ng sexist na mag wika ay bungan ng pagkakaron ng sexism na lipunan na ginagamit sa kumunikasyon sa loob ng isang particular na lipunan at ang madalas na nagiging biktima ay mga kababaihan.

Sa makabagong erang ito, talamak na ang paggamit ng mga salitang ito, lalo na sa mundo ng digital. Bawat tao, mapamasa man o politiko, ay gumagamit ng mga salitang sexist upang makapanakit at magpababa ng halaga sa karapatan ng ibang tao, lalo na ng mga kababaihan at kabataan. Sa pangangatwiran nina Rodriguez (2019) sa kanilang aklat na Gender and Society: The Whys of Women, Their Oppression and Paths to Liberation, "Ang pag-aabuso at diskriminasyon laban sa mga kababaihan at kabataan ay nagiging normalisado at katanggap-tanggap sa kasalukuyang komunidad." Dagdag pa niya, "Ang madalas na paggamit ng mga salita o pananalita na nakabatay sa gender stereotypes (maling akala tungkol sa kakayahan o ugali ng lalaki o babae) ay lalo pang nagpapalala ng sexism."

Nangangahulugan lamang ito kung paano nauugnay ang mga tao sa isa't isa sa pang-araw-araw na buhay. Ito ang nagiging batayan at katibayan ng pag-uugali, positibo man o negatibo. Ang pagtawag sa isang tao na bobo araw-araw ay maaaring magkaroon ng epekto sa kanyang potensyal. Dahil ang wikang ginagamit sa pag-uulit ng mga tungkulin at katawagan, stereotype, at pang-uri ay nakaaapekto sa kung paano ginagamit ng isang tao ang kanyang mga kakayahan. Kaya madalas itong nagiging paksa sa social media na makikita sa kasalukuyan. Dahil dito, maraming batas ang naisasabatas upang maiwasan ito, mabigyan ng kaukulang hustisya ang mga biktima, at mapangalagaan ang karapatan ng bawat tao.

Tinatawag na sexist legal law ang mga batas, patakaran, o legal na interpretasyon na hindi patas, nagtatangi, o nagbibigay ng negatibong pagtrato sa isang tao batay lamang sa kanilang kasarian (gender). Kabilang dito ang Safe Spaces Act (Republic Act No. 11313), na kilala rin bilang "Bawal Bastos Law," isang batas na nagpaparusa sa sexist, misogynistic, at transphobic na pananalita o kilos sa pampublikong lugar. Nariyan din ang Anti-Sexual Harassment Act (RA 7877), isang batas na nagbabawal sa sexual harassment sa trabaho o edukasyon. Gayundin ang Cybercrime Prevention Act (RA 10175), isang batas sa Pilipinas na nagpaparusa sa mga krimeng ginagawa sa pamamagitan ng internet at teknolohiya. Sakop nito ang hacking, online scams, identity theft, child pornography, at cyber libel; kabilang din dito ang cyberbullying.

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga batas na isinusulong at isinabatas ng kamara para sa karapatang pantao. Gayunpaman, sa kabila ng mga batas na ito, marami pa ring politiko ang kakikitaan ng paglabag sa mga ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang sexist sa kanilang mga pahayag, pasalita man o pasulat. Ang pagkakaroon ng hindi pantay at kawalan ng patas na pananaw na ito ang nagtulak sa mananaliksik na magsagawa ng isang pag-aaral tungkol sa mga sexist na pahayag ng mga piling politiko dito sa Pilipinas.

Sa pagtalakay rito, sinagot sa papel na ito ang mga suliraning nakapaloob rito at ito ay ang sumusunod:

1. Ano-ano ang mga terminong ginagamit ng mga politiko na mauuring sexist na pahayag?
2. Paano ipinapakita ang isteryotipo sa isang sex?
3. Paano nakakaapekto ang mga sexist na pahayag sa pangkalahatang gamit ng wika sa lipunan?

## 2. Metodo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng discourse analysis na may layuning siyasatin ang gamit ng wika ng mga piling politiko sa Pilipinas, partikular sa mga pahayag na makikita sa mga Facebook post. Ginamit dito ang pragmatic-feminist lens bilang pamamaraan sa pagsusuri ng mga datos, kung saan ang mga pahayag ay hindi lamang kinolekta kundi sinuri rin ang mga kahulugan batay sa kultura, sitwasyon, at ugnayan ng mga taong nag-uusap. Kasama ring sinuri ang mga epekto ng konteksto sa kahulugan ng wika sa pampublikong pananaw o gender norms.

Ang mga datos ay pinili at kinuha mula sa iba't ibang nanunungkulan at tumatakbong politiko dito sa Pilipinas sa pamamagitan ng social media platform na Facebook na kakikitaan ng mga sexist na wika. Ang ilang datos na ginamit sa pag-aaral ay kinuha rin mula sa mga video ng kampanya ng mga politiko na lumabas sa mga post ng mga karaniwang tao. Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng hindi pantay na relasyon ng kasarian sa kabila ng mga stereotype na ginagampanan ng kasarian, mga mikroagresyon, at sekswal na panliligalig. Random ang pagkuha ng mga datos ng mananaliksik sa kadahilanang limitado lamang ang mga datos na makikita sa Facebook sa kasalukuyang panahon. Hindi saklaw ng pag-aaral na ito ang iba pang social media platform.

Dahil ang pag-aaral na ito ay nakapokus lamang sa mga sexist na pahayag na lumalabas sa mga post ng mga piling politiko at karaniwang mamamayan na gumagamit ng Facebook, narito ang mga hakbang na sinunod ng mga mananaliksik sa pangangalap ng datos: (1) Pumili ng random na pahayag mula sa mga politiko na nahalal na opisyal at tumatakbong kandidato sa Pilipinas na nakitaan ng mga sexist na salita sa kanilang mga pahayag. (2) Ang bawat datos na nakuha mula sa mga piling politiko ay kinolekta sa pamamagitan ng screenshot. (3) Kinategorya ito gamit ang thematic coding at sinuri sa tulong ng pragmatic-feminist lens.

Sa etikal na konsiderasyon ng papel, hindi gumamit ng alyas o code sa pangalan ng mga politiko sapagkat ang mga pahayag na ito ay kinuha mula sa publikong domeyn. Nangangahulugan ito na lantaran at makikita ng publiko ang mga pahayag na ito sa social media platform. Ang pagpapanatili sa pangalan ng mga taong ito ay isang anyo ng transparensiya sa paggamit ng wika ng mga taong karaniwang nakikita ng masa. Hindi rin ito lumalabag sa prinsipyo ng etika sa pananaliksik dahil malinaw na kinuha ang mga ito mula sa isang bukas na espasyo para sa madla.

## 3. Resulta

Ipinapakita sa bahaging ito ang pagtalakay sa mga datos kasama ang interpretasyon ng mga ito. Nakaayos ang mga ito batay sa paglalahad ng suliranin ng papel.

### *3.1 Mga Sexist na Pahayag*

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga terminong ginamit ng mga politiko na maaaring mauuri bilang mga sexist na salita. Mayroong labing-anim (16) na naitalang mga political official at political candidate sa Pilipinas na kakikitaan ng mga sexist na salita. Labing-apat (14) sa kanila ay lalaki at dalawa (2) ay babae, kasama ang kanilang mga pahayag na iikutan ng pagsusuring ito. Ang mga pahayag na ito ay kinuha at kinolekta ng mananaliksik sa pamamagitan ng mga post sa social media, partikular sa Facebook, na ibinabahagi ng mga ordinaryong mamamayan o masa. Mula ito sa mga balita o news, pahayagan, video, at maging sa mga journal.

**Talahanayan 1.** Mga sexist na pahayag mula sa piling politiko.

| Politikal Officials | Sexist na Salita |
|---|---|
| Alan Peter Cayetano (Senator) | "Nancy Binay" "buang" (crazy) kana dai<br>"Marites" (isang Filipino colloquialism para sa isang tsismosa)<br><br>Senate Hearing July 3, 2024 |
| Jesus Manuel "Bong" Suntay (Rep. Quezon City) | "Alam mo, minsan, nasa Shangri-la ako, nakita ko si "Anne Curtis", ang ganda-ganda pala niya. You know, may desire sa loob ko na "nag-init" talaga. Na-imagine ko na lang kung ano ang pwedeng mangyari. Pero syempre, hanggang imagination na lang 'yon. Hindi naman siguro ako pwedeng kasuhan dahil kung anu-ano 'yong na-imagine ko,".<br><br>House Justice Committee Hearing March 3, 2026 |
| Jinggoy Estrada (Senator) | "You have a Filipino boyfriend?" "Maybe Senator "Francis Pangilinan" might want to apply,"<br><br>Katanungan para kay "Elizabeth Jeanette Means" isang 24-years-old Gilas Pilipinas *Women basketball player* sa loob ng Senete Hearing noong March 6, 2026 |
| Robin Padilla (Senator) | What if the man is "in heat" and the wife doesn't want to? Is there no other way?<br><br>"Katanungan para kay "Atty. Laura Kapunan" tungkol sa "sexual rights" ng mga asawa at nagtanong kung paano "papakalmahin" ang libido ng lalaki kung tumanggi ang asawang babae.<br><br>Senate Hearing Agosto 2024 |
| Tito Sotto (Senator) | "In street language, when you have children and you are single, ang tawag doon ay 'na-ano lang'."<br><br>Sinabi ni Sotto kay dating DSWD Secretary Judy Taguiwalo sa isang Hearing ng Commission on Appointments noong May 2017 |

| | |
|---|---|
| Alston Kevin Anarna (Silangan Mayor) | “Kanina, di ko na mabilang kung ilan ang kumurot sa pwet ko.”<br><br>“Si lola, nilaplap pa ako.”<br><br>“solo parents, bibigyan natin ng libreng asawa!”<br><br>“lahat ng balong lalaki at lahat ng balong babae, ira-raffle na lang natin”<br><br>Election Campaign Mayo 2025 |
| Christian "Ian" Sia (Pasig City Congressional Candidate) | "Para sa mga solo parent ng Pasig, minsan sa isang taon, ang mga solo parent na babae, na nireregla pa, nay malinaw na nireregla pa, at nalulungkot, minsan sa isang taon, pwedeng sumiping ho sa akin. Yun hong interesado, magpalista na rito sa mesa sa gilid."<br><br>Election Campaign April 2025 |
| Jay Manalo Ilagan (Batangas Gubernatorial Candidate) | “Vilma Santos” lang na “laos”<br><br>“Hindi ako takot… marami naman sa mga fans niya ay namamahinga na rin, ang iba rin naman ay syempre nasa edad yan."<br><br>Election Campaign March 29, 2025 |
| Peter Unabia (Governor of Misamis Oriental) | “Dili man pwede ang “maot”, kay kung luya na ang mga lalaki, “atubangon sa pangit nga nurse”, naunsa naman, “mosamot atong sakit ana.”<br><br>Election Campaign Rally sa Bayan ng Villanueva noong April 3, 2025 |
| Manny Pacquiao (Senator) | “Makakita ka ba ng any animals na lalaki sa lalaki o babae sa babae? Mas mabuti pa yung hayop. Marunong kumikilala kung lalaki o babae"<br><br>Election Campaign Video para sa isang puwesto sa senado 2016 |
| Mocha Uson (Manila City Council Candidate) | "Cookie ni Mocha, ang sarap-sarap" (Mocha's cookie is delicious)<br><br>Election Campaign Jingle na ginamit ng vlogger at kandidato ng konsehal ng lungsod ng Maynila na si Mocha Uson Noong 2025 |
| Rodrigo Roa Duterte (Former President) | "Shoot her in the vagina" Order pa kanyang mga sundalo (*"Pusila sa bisong arong di na...")* “without a vagina, a woman is "useless".<br><br>Australian Missonary Joke “The 1989 Rape Prison Riot "Joke"<br>“napakaganda, dapat ang mayor muna ang mauna”<br><br>Election Presidential Campaign April 16, 2016<br><br>President presidency is "not for women":<br>they have "emotional setup" is different from men's”<br><br>Payo para na si Davao kay City Mayor Sara Duterte, na huwag tumakbo sa pagkapangulo sa 2022, noong January 2021 |
| Ronald “Bato” Dela Rosa (Senator) | “Sabi nila ang pinakamabilis na paraan para matuto ka ng salitang Kapampangan ay makipag “lips-ti-lips” (*kissing*) ka palage ng Kapampangan para mabilis yung transfer ng kaalaman.”<br><br>"Eh, kaso binasted ako. Wala 'di ako matuto (ng Kapampangan) |

| | |
|---|---|
| | Election Campaign sa Pampanga Noong Feb. 12, 2019 |
| Ruwel Peter Gonzaga (Rep. Davao de Oro) | "Bumukaka ka na"<br><br>"Nagsara na ang kanya... susubukan mo bang paluwagan?"<br><br>"Mas magaling ba kayong umt (umiyot) kaysa sa mga lalaki?"*<br><br>"Karamihan sa mga babae, "pinipili na lang kung saan sila. Sa ilalim ba o sa ibabaw"<br><br>Election Campaign Rally April 2025 |
| Cynthia Villar (Senator) | Bakit, kaya ko bang saktan 'yan? Ano 'yan, bakla?<br><br>"Hindi ko 'yan sasaktan! Ano 'yan mga bakla? Ba't ko 'yan sasaktan? Babae ako."<br><br>Isang Viral Video ni Senadora Cynthia Villar na nagalit sa isang security guard. Isang insidente ng road row noong Abril 2023. |
| Luis Raymund "LRay" Villafuerte Jr Camarines Sur Representative | "Balita ko ang mga taga-Nabua, parang chicharon... Dahil ang ingay niyo pag kinakain kayo."<br><br>"Balita ko ang mga taga-Nabua, parang basketball ring dahil masarap shoot-an."<br><br>"Baril ka ba? Pahiram kahit isang putok lang."<br><br>"'Di ba eskwelahan 'to? Paaralan ka ba? Dahil enjoy ako pasukan ka."<br><br>(Mga pick up lines) sa Pagdiriwang ng Kaarawan ng kanyang anak na si Rep. Migz Villafuerte na ginanap sa Nabua Central Pilot School noong 2024 |

Lumalabas sa resulta ng pag-aaral na ang mga sexist na salita ay kadalasang nagaganap at lumalabas tuwing pangangampanya sa halalan, na siyang may pinakamaraming naitala na umabot sa siyam (9). Lima (5) naman ang naitala sa mga pagdinig sa Senado at Kamara. Mayroon ding isang (1) naitalang insidente tungkol sa road rage na kinasasangkutan ni Sen. Cynthia Villar at isang (1) naitalang insidente mula sa isang pagdiriwang ng kaarawan sa katauhan ni Rep. Luis Raymund "LRay" Villafuerte.

### *3.2 Isteryotipo sa isang Sex*

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang mga isteryotipo sa isang kasarian na nahahati sa apat na kolum. Ang unang kolum ay ang tema, na tumutukoy sa pangkalahatang paksa o mensaheng tinatalakay sa nasabing pananaliksik. Kasunod nito ang deskripsiyon ng bawat paksa, na nagsisilbing detalyadong paglalarawan ng tema upang makabuo ng malinaw na pag-unawa sa isipan ng mga mambabasa. Ang ikatlong kolum ay ang klasipikasyon, na tumutukoy sa proseso ng pag-uuri, pagpapangkat, o pagsasaayos ng mga ideya, bagay, o impormasyong may pagkakatulad, katangian, o kaugnayan.

Samantala, ang huling kolum ay naglalaman ng mga terminong sexist na nagmula sa mga pahayag ng mga piling politiko at kandidatong politikal sa Pilipinas.

**Talahanayan 2.** Mga isteryotipo sa isang sex.

| Tema | Deskripsyon | Klasipikasyon | Pahayag na Sexist |
|---|---|---|---|
| Direktang insulto/misogyny | Tahasang pagbibigay ng derogatory term | Pang-aalipusta/ demeaning | "buang" (crazy)<br>"marites"<br>"laos"<br>"dili man pwede maot o pangit ang nurse"<br>"naunsa naman, 'mosamot atong sakit ana" |
| Di-direktang insulto/Implicit sexism | Hindi tahasang pagbibigay ng derogatory term, maaring dinadaan sa "Joke" | Pang-aalipusta/ demeaning | "You have a Filipino boyfriend?" "Maybe Sen. Francis Pangilingan might want to apply"<br><br>"Chicharon ba kayo? Dahil ang ingay 'nyo 'pag kinakain kayo"<br><br>"parang basketball ring dahil masarap shoot-an."<br><br>"Baril ka ba? Pahiram kahit isang putok lang."<br><br>"Paaralan ka ba? Dahil enjoy ako pasukan ka." |
| Direktang Objectification | Pagtingin o pagtrato sa isang tao bilang isang bagay na sekswal (sex object o "gamit") lamang, sa halip na bilang isang buong tao na may damdamin, isip, at dignidad. | Pag-sexualize o Sexual objectification | "may desire sa loob ko na 'nag-init' talaga"<br><br>"Na-imagine ko na lang kung ano ang pwedeng mangyari"<br><br>"Bumukaka ka na"<br><br>"Nagsara na susubukan mo bang luwagan"<br><br>"Mas magaling ba kayong umiyot kaysa mga lalaki"<br><br>"karamihan sa mga babae, pinipili na lang kung saan sa ilalim ba o ibabaw"<br><br>"pinakamabilis na paraan para matuto ka ng |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | salitang Kapampangan ay makipag "lips-ti-lips" (kissing) ka palage ng Kapampangan para mabilis yung transfer ng kaalaman."<br><br>"napakaganda, dapat ang mayor muna ang mauna"<br><br>""Cookie ni Mocha, ang sarap-sarap" (Mocha's cookie is delicious) |
| Di-direktang Objectification | Di- tahasang pagtingin o pagtrato sa isang tao bilang isang bagay na sekswal (sex object o "gamit") subalit kakikitaan ng pagsasabagay sa isang tao bilang sexual na kasangkapan. | Pag-sexualize o Sexual objectification | "Si lola, nilaplap pa ako"<br><br>"solo parents, bibigyan natin ng libreng asawa!"<br><br>"lahat ng balong lalaki at lahat ng balong babae, ira-raffle na lang natin" |
| Role Prescriptiveness | Pagpapatupad o pagpapanatili ng mga inaasahang kilos, tungkulin, at gawi na itinakda ng lipunan para sa mga babae at lalaki. | Gender role enforcement | "Presidency is not for women" |
| Diminutive/belittling | Pagpapaliit o pagpapkita na may kakulangan ang isang tao. | Diminutive | "The have 'emotional setup' is different from men's" |
| Stereotyping | Pagbuo ng pangkalahatang paniniwala, impresyon, o opinyon tungkol sa isang tao o grupo batay sa kasarian, lahi, o kultura, na madalas ay mali. | Stereotype reinforcement | "Bakit, kaya ko bang saktan 'yan? Ano 'yan, bakla?"<br><br>"Hindi ko 'yan sasaktan! Ano 'yan mga bakla? Ba't ko 'yan sasaktan? Babae ako."<br><br>"Without a vagina, a woman is "useless." |
| Direktang sexist slurs | Direktang pangbabastos, mapapanakit, at malalaswang pananalita na naka-base sa kasarian ng isang tao (sex) o oryentasyong sekswal (gender). | Homophobic slur | "In street language, when you have children and you are single, ang tawag doon ay 'na-ano lang'."<br><br>"Makakita ka ba ng any animals na lalaki sa lalaki o babae sa babae? Mas mabuti pa yung hayop. Marunong kumikilala kung lalaki o babae" |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Sexual Entitlement | Paniniwala ng isang tao na karapatan niya ang makipagtalik o makakuha ng sexual attention mula sa ibang tao, madalas na walang pakialam sa kagustuhan o consent (pahintulot) ng kabilang panig. | Endorsement of sexual coercion | “"Shoot her in the vagina" Order” o ("Pusila sa bisong arong di na..”<br><br>“What if the man is “in heat” and the wife doesn't want to? Is there no other way?”<br><br>“minsan sa isang taon, ang mga solo parent na babae, na nireregla pa, nay malinaw na nireregla pa, at nalulungkot, minsan sa isang taon, pwedeng sumiping ho sa akin.” |

Sa Talahanayan 2, makikita ang mga uri ng isteryotipo ng kasarian (gender stereotypes) na lumalabas sa mga pahayag ng mga piling politiko at kandidato sa Pilipinas. Nahahati ito sa apat na kolum: tema, deskripsyon, klasipikasyon, at mga pahayag na sexist ng mga politiko.

### *3.3 Epekto ng mga Sexist na Wika*

Ipinapakita ng mga dalubhasa sa wika gaano kalaki ang impluwensya at epekto ng wika sa buhay ng tao. Kung pagbabatayan ang payak na pananaw, mayroon itong mga bentahe at disbentahe sa pagkakabuo ng wika. Sa talahanayan 3, matutunghayan ang mga epekto ng sexist na wika sa mga karaniwang tao na nagbabasa at nakikipag-interak sa loob ng comment section.

Talahanayan 3. Mga Ilang Komento sa mga Post

| **Category (Codename ng mga Komendor)** | **Comment** |
|---|---|
| The Soapbox Critic | Grabe talaga moralidad Ng politico sa pinas parang may mga sira Ang utak.. Parang normal na lang sa kanila Ang corruption, pagka maniac... Happy pa silang broadcast sa public.. Ilang beses na-issue wala lang sa moral nila ang guilt. Only in the Philippines lang talaga 🤣 🤣 👿<br><br>Ano ba tong mga politiko na to.. kung ano anong imagination daw naiisip nya nung makita si Anne maryosep. Tsaka di kayo dapat nagsasalita ng ganyan sa publiko. Ayusin nyo nga mga sarili nyo..❤️❤️❤️<br><br>Galit kayo sa narerape bai pero sa mga ganito di kayo galit 😅<br><br>yung nagpapahalik kay Digong na mga babae, walang dignidad, kadiri, walang delikadesa |

| | |
|---|---|
| The Muckraker | Manyakol ampoota! Ogag alam na buong angkan mo na yan! I don't think you're clean. We've seen a lot of women you've paid proof of that in what you said you're embarrassed in your whole angkan!<br><br>Paalam Lang po Sana ako Kay ma'am Ann Curtis jajakulan ko Lang po sya mamaya<br><br>They have a lot of land even in front of the road. They want it<br><br>makinig ka naman binay.malinaw na ilihis mo ang hiring na yan.ano bang meron bakit ka naggulo |
| The Capitol Observer | Hey Bong Suntay, free speech is not a license for whatever you say in the hearing. If it's possible, you can join Cong. Meow eh<br><br>Anong age mo ba gusto mag-retire sa politics! 80 years old!!! 😲 😢 😭 This is only an advice.<br><br>Kahit ako mapupundi sa boses ni Nancy. Dapat inalam niya muna bago umatake. Mali info niya. Hahahaha. |
| The Sarcastic Scholar | MANIAC!!!!<br><br>It's disgusting, proud to be a maniac<br><br>even the road is full of hungry people😂 😂<br><br>Ladies and Gentlemen, the Senators of the Republic of the Philippines<br><br>the nerve of that woman! making an argument against a lawyer! lol! |
| Digital Dissident | manyakis protecting his kapwa manyak<br><br>kadiri mga DDSHIT. nag aalala sa mga adik dahil baka makapang rape daw pero idol si Digong na bastos at baboy sa babae. ano daw? MAYOR ANG MAUNA? tapos yung mga babae naman, tuwang tuwa halikan.<br>ito pa, may fininger yan nung kabataan niya, siya ang nagkwento non |
| The Rhetoric Rebel | He will make noise so that EVERYONE will have amnesia again. The government is so happy, evil are extreme nowadays |
| The Civic Strategist | smart in the market. remember in 2028😂<br><br>That's Cynthia Villar's style hahaha it's hard to lose there, she won't listen to you 😂 she will take everything, everything is already hers, you can't do anything there, she's rich, she's powerful, she's even more powerful than the government,<br><br>It is not a good example for politicians like the one he made a mockery of, especially when he is talking about women. |
| The Policy Wonk | di ko maintindihan bakit di nya paniwalaan ang nasa report na binigay ng staff nya at saka halata na may tinatago kc sisingitan nya c sen. cayetano pag nagsalita kc kung wala kang tinatago hayaan mo na maipaliwanag sayo😂at saka yon lang nmn ang sinasabi kung ano ang nasa documents😂<br><br>Sen Cayerano. I think you should be the one filing ethical violation against Sen Binay. She got no respect sa floor. Daldal ng daldal parang nasa palengke lang tapos iiyak iyak sa Media. OMG. Sarswela na naman. |

Ang talahanayan 3 ay naglalaman ng iba't ibang komentaryo mula sa ilang mga naglahad ng kanilang pananaw tungkol sa mga pangyayaring may kinalaman sa politika at lipunan. Una, ang na codename na tinawag na The Soapbox Critic ay nagpakita ng matinding pagbatikos sa moralidad ng ilang politiko sa Pilipinas; binanggit ng mga komentong ito ang tila normalisadong korapsyon at kawalan ng konsensiya, at may mga pahayag na nagpapahayag ng pagkadismaya at pang-uuyam sa kalagayan ng pampublikong asal. Kasama rin sa mga komentong ito ang pag-aalala sa hindi angkop na pananalita sa publiko at panawagan na mag-ayos ng sariling pag-uugali bilang isang anyo ng etikal na responsibilidad.

## 4. Diskusyon

Malinaw na ang mga pahayag sa unang talahanayan ay may malalim na pinag-uugatan ng pagkakaroon ng pagkiling sa kasarian at seksismo. Maaaring nag-uugat ito sa kulturang kinamulatan o pinagmulan ng bawat Pilipino. Ang mga sexist na pahayag o salita ay nagpapababa sa dignidad ng isang tao, lalo na sa mga kababaihan na madalas nagiging biktima ng nasabing diskriminasyon o ng hindi pagkakapantay-pantay ng pagtingin sa lipunan. Ang sexism ay tumutukoy sa kolektibong pag-uugali na sumasalamin sa lipunan sa kabuuan." Binigyang-diin niya sa kanyang artikulo na ang sexism ay isang diskriminasyon batay sa kasarian o gender. Pinaniniwalaan niya na mas nakaaangat o nakahihigit ang mga lalaki kaysa sa mga babae. Kinabibilangan ito ng mga saloobin o ideolohiya, kabilang ang mga paniniwala, teorya, at mga ideya na naghahatid sa isang grupo (kadalasan ay lalaki) bilang karapat-dapat na nakahihigit sa iba (kadalasang babae), batay sa kasarian o gender (Bilozyorov (2022). Ang seksismo ay nananatiling isang mahalagang usapin dahil sa kalayaang pumili ng wikang may malaking impluwensya sa pananaw ng mga mambabasa tungkol sa kasarian (Java, 2024). Binanggit din nina Shoemaker at Vos (2023) na ang pahayagan at magasin, bilang pangunahing mapagkukunan ng impormasyon, ay gumaganap ng kritikal na papel sa paghubog ng pampublikong pag-unawa sa mga pamantayan sa lipunan o social norms.

Samantala, makikita rin sa ilang pahayag ang paggamit ng mga katawagan na mauuring seksismo (Rivera at Adriatico, 2022; Cariaga, 2023). Malinaw na ang mga pahayag na pagpapangalan sa kinakausap o pinariringgan ng isang politiko sa pag-adres ng kanilang kausap.

Nananatiling ang pagkakaroon ng pagkiling ng isang politiko sa isang kasarian lalo na sa kanyang kasarian ay nagpapakita ng seksismo (Marjanovic et al., 2022). Binigyang-kahulugan ni Prior (2017) ang sexist bilang wikang may kinikilingan sa isang kasarian o panlipunang kasarian. Ang mga pag-atake sa isang kasarian ay nangangahulugang itinataas ng isang politiko ang kanyang sarili sa diskurso.

Sa ikalawang talahanayan sa bahagi ng tema, hinati ang mga pahayag sa dalawang kategorya: una, ang direktang insulto/misogyny na nagpapakita ng tahasang pagkapoot o paghamak sa kababaihan; at ikalawa, ang di-direktang insulto o implicit sexism na nagpapahiwatig ng diskriminasyon sa mas hindi lantad na paraan. Ang

direktang insulto o misogyny ay kinakatawan ng mga salitang tulad ng "buang" (crazy), "Marites," "laos," at ang pahayag na "dili man pwede maot o pangit ang nurse." Malinaw na ang mga salitang ito ay naglalaman ng mapanlait at mapanghamak na pananaw laban sa kababaihan. Halimbawa, ang pagtawag na "buang" sa isang senadora ay naglalarawan sa babae bilang irasyunal o walang sapat na katinuan, na hindi angkop at hindi makatwiran, lalo na sa konteksto ng isang Senate Hearing. Ipinapakita nito ang kawalan ng paggalang hindi lamang bilang babae kundi bilang katrabaho at kapwa mambabatas. Isang paglabag na nagpapakita ng pagde-value sa isang babae na maaring nakakaapekto sa kanyang mental health. Ayon nina Espinol et.al (2023) sa ilalim ng 1987 konstitusyon ng Pilipinas mayroon isang batas na isinulong na nagproprotekta sa mga kababaihan at kabataan na may kaugnayan sa mental health isyu ito ang "Mental Health Law of 2002" o Republic Act No. 11036 (Mental Health Act) na naisabatas noong Hunyo 21, 2018. Layunin nitong isulong ang kapakanan ng bawat Pilipino, tiyakin ang pagkakapantay-pantay na access sa de-kalidad na pangangalaga at protektahan ang mga may karamdaman mula sa diskriminasyon at pag-aabuso. Kasama na dito ipinagbabawal ang lahat ng uri ng diskriminasyon, panlalait, at paninira ng dignidad.

Samantala, ang paggamit ng salitang "Marites" ay maaaring hindi ganap na mauri bilang tahasang insulto, subalit nagiging hayagan ito dahil sa konteksto ng relasyon ng mga sangkot bilang mga mambabatas. Ang naturang termino ay karaniwang iniuugnay sa stereotype na ang kababaihan ay mahilig sa tsismis, kaya nagiging paraan ito ng pagpapababa sa kredibilidad at kakayahan ng isang babae. Ang salitang "laos" naman ay nagpapakita ng pagpapababa sa dignidad ng isang tao batay sa edad. Maiuugnay ito sa ageism, isang uri ng diskriminasyon na nakabatay sa edad, partikular laban sa matatandang kababaihan. Ipinahihiwatig ng ganitong pahayag na nawawalan ng halaga, kakayahan, o karapatan ang isang babae dahil lamang sa kaniyang pagtanda isang diskriminasyon na lumalabag sa Republic Act No. 10911 "Anti-Age Discrimination in Employment Act". Ipinagbabawal dito ang diskriminasyon batay sa edad sa paghahanap ng trabaho maging sa panunungkulan sa politika. Sa kabilang banda, ang pahayag na "dili man pwede maot o pangit ang nurse" ay isang malinaw na halimbawa ng paglalahat at diskriminasyon laban sa kababaihan. Ipinapahiwatig nito na ang kursong nursing ay para lamang sa mga babaeng itinuturing na maganda, samantalang ang mga hindi umaabot sa itinakdang pamantayan ng kagandahan ay tila walang karapatang pumasok sa naturang propesyon. Ipinakikita ng ganitong pananaw ang pag-uugnay ng pisikal na anyo sa kakayahan at propesyon, na nagreresulta sa hindi patas at mapanuring pagtingin sa kababaihan. Ang ganitong mga pahayag ay maaaring lumalabag sa Republic Act No. 11313 "Safe Spaces Act o Bawal Bastos Law." Ipinagbabawal ang panlalait o hindi kanais-nais na mga komento tungkol sa hitsura ng isang tao sa mga pampublikong lugar, trabaho, o paaralan na nakabase sa kasarian.

Ang di-direktang insulto o implicit sexism ay kadalasang ipinapahayag sa anyo ng mga biro o pahayag na may dobleng kahulugan. Bagama't hindi tuwirang gumagamit ng mapanlait o derogatoryong termino ang mga pahayag na ito, malinaw

na naglalaman ang mga ito ng seksistang pananaw at pangmamaliit sa kababaihan. Kadalasan, ipinapahayag ang ganitong uri ng sexism sa pamamagitan ng mga biro o "joke" na may seksuwal na konotasyon at dobleng kahulugan. Sa ganitong paraan, nagiging katanggap-tanggap sa paningin ng ilan ang mga mapanirang pahayag dahil itinatago ang diskriminasyon sa anyo ng katatawanan. Ipinakikita rin ng mga naturang pahayag ang pag-objectify sa kababaihan, kung saan inilalarawan sila bilang bagay na maaaring pagnasaan, paglaruan, o gawing sentro ng seksuwal na biro. Dahil dito, nababawasan ang kanilang dignidad at pagkatao, sapagkat higit na binibigyang-diin ang kanilang pisikal o seksuwal na aspeto kaysa sa kanilang kakayahan, talino, o identidad bilang indibidwal. Sa kabuuan, bagama't hindi lantad ang insulto, nananatiling mapanupil at diskriminatibo ang ganitong uri ng pananalita laban sa kababaihan.

Ang direktang objectification o pagtrato sa mga kababaihan bilang sex object o "gamit" at hindi bilang tao ay isa sa mga talamak na problemang makikita sa lipunan ngayon lalo na sa social media partikular sa Facebook. Isa sa halimbawa nito ang pahayag ni Bong Suntay patungkol kay Anne Curtis na "may desire sa loob ko na 'nag-init' talaga" at "na-imagine ko na lang kung ano ang pwedeng mangyari". Itinuturing sa mga pahayag na ito ang mga kababaihan bilang materyal na bagay o commodity na maaaring gamitin, tingnan, o itapon. Binibigyang-diin dito ang sekswal na aspeto ng katawan ng babae tulad ng labi, maseselang bahagi ng katawan, at maging ang kabuuang pisikal na anyo habang binabalewala ang kanilang dignidad at pagkatao. Makikita rin dito ang dehumanization kung saan ginagawang "tool" ang mga kababaihan para sa kasiyahan ng iba lalo na ng mga kalalakihan. Sa bahagi naman ng di-direktang objectification, bagama't hindi lantad ang pagsasalarawan sa kababaihan bilang sekswal na bagay, malinaw pa rin na ipinapakita nito ang pagpapababa sa kanilang dignidad gamit ang mga pahayag na may sekswal na konotasyon. Kabilang dito ang mga pahayag na "nilaplap pa ako," "bibigyan natin ng libreng asawa! solo parents," at "lahat ng balong lalaki at balong babae, ira-raffle na lang natin." Ang mga ganitong pahayag ay nagpapakita ng pagtingin sa kababaihan bilang bagay na maaaring ipamahagi, pagpilian, o gawing kasangkapan sa aliwan. Madalas itong makita sa mga patalastas, media, at maging sa pang-araw-araw na pakikisalamuha kung saan ang mga kababaihan, at maging ilang kalalakihan, ay inilalagay sa sekswal na pagtingin at hindi kinikilala bilang mga indibidwal na may sariling dignidad at pagkatao. Isang diskriminasyon na lumalabag din sa Republic Act No. 11313.

Ang role prescriptiveness ay tumutukoy sa paniniwala na may nakatakdang papel lamang para sa kababaihan at kalalakihan sa lipunan. Makikita ito sa pahayag ni Rodrigo Duterte na "Presidency is not for women," na nagpapakita ng pananaw na ang kababaihan ay mahina at hindi karapat-dapat mamuno dahil lamang sa kanilang kasarian. Ipinahihiwatig din ng pahayag na higit na angkop at mas epektibong mamuno ang mga kalalakihan kaysa sa mga kababaihan. Ang ganitong pananaw ay naglilimita sa kakayahan at oportunidad ng kababaihan sa larangan ng politika at pamumuno. Maiuugnay rin ito sa stereotyping o pagbuo ng pangkalahatang paniniwala, impresyon, o opinyon tungkol sa isang tao o grupo batay sa kasarian, lahi,

o kultura na kadalasan ay hindi makatotohanan. Halimbawa nito ang mga pahayag na "ano 'yan bakla" at "without a vagina, a woman is useless." Ang mga ganitong pahayag ay nagpapakita ng diskriminasyon at pangmamaliit hindi lamang sa kababaihan kundi maging sa iba't ibang identidad ng kasarian. Ipinakikita rin nito kung paano ginagamit ang kasarian bilang batayan ng halaga, kakayahan, at papel ng isang tao sa lipunan, na nagreresulta sa hindi pantay at mapanuring pagtingin sa mga indibidwal.

Ang diminutive o belittling ay tumutukoy sa pagpapaliit, pangmamaliit, o pagpapakita na may kakulangan ang isang tao dahil lamang sa kaniyang kasarian. Makikita ito sa pahayag na "they have 'emotional setup' is different from men's," na nagpapahiwatig na ang kababaihan ay mas emosyonal at hindi kasing tatag ng mga kalalakihan. Dahil dito, nabubuo ang pananaw na ang pagiging emosyonal ng babae ay isang kahinaan na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang magdesisyon, mamuno, o humawak ng mahahalagang tungkulin. Ang ganitong uri ng pahayag ay nagpapakita ng stereotypical na pagtingin sa kababaihan, kung saan iniuugnay ang kanilang pagkatao sa pagiging maramdamin at hindi makatwiran. Sa halip na kilalanin ang kanilang kakayahan at indibidwal na katangian, ginagamit ang kasarian bilang batayan upang maliitin ang kanilang kapasidad kumpara sa mga kalalakihan. Dahil dito, nagiging paraan ang ganitong pananaw upang mapanatili ang hindi pantay na pagtingin at pagtrato sa kababaihan sa iba't ibang larangan ng lipunan.

Ang direktang sexist slurs ay tumutukoy sa mga mapanlait, mapanakit, at malalaswang pahayag na nakabatay sa kasarian o oryentasyong sekswal ng isang tao. Karaniwang ginagamit ang ganitong mga salita upang maliitin, hamakin, o pagtawanan ang isang indibidwal dahil sa kaniyang identidad bilang babae, lalaki, o kabilang sa LGBTQIA+ na komunidad. Makikita ito sa pahayag na "In street language, when you have children and you are single, ang tawag doon ay 'na-ano lang'," na nagpapakita ng kawalan ng respeto sa mga solo parent, partikular sa mga kababaihang nagkaroon ng anak nang hindi kasal. Ipinahihiwatig ng naturang pahayag na naging kaswal lamang sa kanila ang pakikipagtalik at nagiging batayan ito upang husgahan ang kanilang moralidad at pagkatao. Dahil dito, nagkakaroon ng paglalahat at negatibong pagtingin sa mga kababaihang nasa ganitong sitwasyon. Makikita rin ang sexist slurs sa pahayag ni Manny Pacquiao na "Makakita ka ba ng any animals na lalaki sa lalaki o babae sa babae? Mas mabuti pa yung hayop. Marunong kumilala kung lalaki o babae." Ang ganitong pahayag ay hindi lamang mapanlait kundi nagpapakita rin ng diskriminasyon laban sa mga taong may ibang oryentasyong sekswal. Inihahambing nito ang mga miyembro ng LGBTQIA+ community sa mga hayop at ipinahihiwatig na taliwas sa "normal" ang kanilang identidad. Dahil dito, nagiging daan ang mga ganitong pahayag upang mapalaganap ang stigma, diskriminasyon, at hindi pantay na pagtingin sa kasarian at sekswalidad sa lipunan. Ang ganitong uri ng diskriminasyon ay sinasaklaw ng Republic Act No. 11313 subalit sa kategoryang Gender-Based Sexual Harassment (GBSH)

Ang sexual entitlement ay paniniwalang may karapatan ang isang tao na makatanggap ng sekswal na atensyon o pakikipagtalik mula sa iba kahit hindi

isinasaalang-alang ang damdamin at pahintulot ng kabilang panig, lalo na ng kababaihan. Makikita ito sa mga pahayag na "pusila sa bisong," "in heat," at "minsan sa isang taon… pwedeng sumiping ho sa akin." Bagama't maaaring ituring na biro ang mga ito, malinaw pa rin na nagpapakita ang mga pahayag ng pag-objectify at pagmamaliit sa dignidad ng kababaihan. Ipinahihiwatig din nito ang pagbabalewala sa kanilang karapatan, respeto, at kakayahang magpasya para sa kanilang sarili.

Batay sa pangkalahatang pag-unawa sa bahaging ito, lumalabas na sa kasalukuyang panahon ay nagiging normalisado na sa lipunan ang paggamit ng mga salitang sexist. Ang ganitong uri ng pananalita ay kadalasang itinuturing na pangkaraniwan at katanggap-tanggap, lalo na sa social media tulad ng Facebook. Gayunpaman, kung susuriing mabuti, ang mga pahayag na ito ay may malalim na pinag-uugatang suliraning panlipunan na nagdudulot ng pagkawala ng karapatan, dignidad, at respeto ng isang tao, partikular sa kababaihan. Dahil dito, higit na napapalaganap ang diskriminasyon at hindi pantay na pagtingin sa kasarian sa loob ng lipunan.

Iniluluklok ang mga politiko sa posisyon upang maging halimbawa, gabay, at huwaran ng mga mamamayan sa isang komunidad o bansa. Sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, naging laganap ang paggamit ng social media, partikular ang Facebook, bilang pangunahing plataporma ng pagpapahayag ng hinaing, opinyon, at ideya ng mga tao. Unti-unti na rin itong naging bahagi ng kultura at pang-araw-araw na pamumuhay ng lipunan. Bilang isang demokratikong bansa na nagpapahalaga sa karapatang pantao, kabilang na ang freedom of speech o kalayaan sa pagpapahayag, naging malaya ang maraming tao sa paggamit ng iba't ibang uri ng wika sa pampublikong diskurso. Gayunpaman, hindi maikakaila na kasama rito ang paglaganap ng mga salitang sexist na may negatibong epekto sa komunidad at sa paraan ng pagtingin ng lipunan sa kasarian, lalo na sa kababaihan. Sa pamamagitan ng wikang ginagamit sa lipunan, naipapakita at napapalaganap ang mga pananaw at kulturang maaaring magdulot ng diskriminasyon at hindi pantay na pagtrato. Kaugnay nito, inilalahad ng mananaliksik sa mga talahanayan sa itaas ang mga tiyak na ebidensiya ng paggamit ng mga sexist na pahayag ng ilang politiko at kandidatong politikal sa Pilipinas.

Ipinakita sa Talahanayan 3 ang iba't ibang uri ng pampublikong diskurso patungkol sa politika at kasarian (gender), mula sa marahas na pag-aalipusta hanggang sa neutral na obserbasyon. Sa bahaging ito, makikita ang mga pahayag na puno ng emosyon at nagpapakita ng pagpapahalaga sa kasarian sa loob ng mga komentaryo, mula sa panunumbat sa mga politiko hanggang sa mga bastos na pahayag, o pagtinging ang kababaihan ay kagamitan lamang para mang-akit. Mapapansin sa bawat komentaryo na hindi lamang ito representasyon ng indibidwal na opinyon kundi bahagi na ito ng mas malawak na diskursong panlipunan na bumubuo at nagpapatibay ng kapangyarihan, identidad, at normang kultural. Kung titingnan ito sa pamamagitan ng pragmatic-feminist lens, mapapansin ang tatlong mahalagang dimensyon: illocutionary force, implicature, at indexicality.

Ang illocutionary force ay nakatuon sa mga pahayag na mapanira o nagtataguyod ng humiliation. Halimbawa, ang paggamit ng mga salitang "bastos," "manyak," at iba pang sekswal na pambabatikos ay hindi simpleng deskripsyon kundi mga akto ng pag-aalipusta. Sa pragmatikang pananaw, ang ginagawa ng mga nagsasalita ay ang pagtukoy o pag-aantas ng moral na estado ng mga target, na naglalayong tanggalin ang kanilang kredibilidad at karapatan sa dignidad. Sa implicature naman, ito ay tumutukoy sa hindi direktang ibig sabihin ng pahayag na madalas nagpapatibay ng mga gendered stereotype. Halimbawa, ang pag-atake sa anyo, edad, o sekswalidad ng isang babae bilang dahilan ng kanyang kawalan ng kapasidad sa politika ay nagpapahiwatig na ang pampublikong papel ay hindi para sa babaeng lumalabag sa tradisyunal na inaasahang imahe. Ang mga salitang "pagpapahalik" o "kawalan ng delikadesa" ay nag-uugnay ng moralidad sa kilos o asal ng isang tao (sexual comportment), na naglilimita sa paglahok ng kababaihan sa pampublikong diskurso.

Samantala, ang indexicality ay ang paraan ng pagkakabit ng wika sa sosyal na identidad. Sa mga pahayag na nakikita sa Talahanayan 3, malinaw ang paggamit ng mga salitang insulto at sexist na termino bilang nagsisilbing marka ng paniniwala sa isang grupo, nagtatakda ng hangganan ng "tama" at "mali," at nagpapatibay ng patriyarkal na posisyon. Ang mga komentaryo ay nagpapakita ng double standard: galit para sa ilang kasong sekswal na krimen, ngunit toleransiya o pag-apruba kapag ang parehong bastos na kilos ay nagmumula sa isang paboritong lider.

Sa ganitong konteksto, malaki at malalim ang nagiging epekto nito sa masa o mamamayan. Nagiging normal ang sexist expression, nagkakaroon ng lexicalization ng insulto at moral judgment laban sa kababaihan, at lumilikha ng pragmatic shortcuts na nagpapadali sa pag-justify ng diskriminasyon. Sa larangan ng edukasyon at media literacy, mahalagang ituro kung paano i-deconstruct ang ganitong diskurso: kilalanin ang speech acts, tukuyin ang implicatures, at hamunin ang mga indexical na relasyon na naglilimita sa pagkakapantay-pantay. Sa ganitong paraan, maiiba ang landas ng wika mula sa pagpapanatili ng patriyarka tungo sa mas makatarungan at inklusibong pampublikong usapan. Nagkakaroon din ito ng dalawang pangunahing anyo: una, nagiging normalized ang misogynistic lexicon sa online public discourse; ang mga insulto ay nagiging bahagi ng ordinaryong komentaryo at nawawala ang sinasabing pagkabahala kapag tumutukoy sa kapangyarihan ng mga lalaki. Pangalawa, nagiging estratehiya ang gendered rhetoric upang i-frame ang pampublikong pagtingin, ang babaeng politiko ay maaaring ilagay sa posisyon ng pagiging emosyonal, immoral, o hindi kwalipikado sa pamamagitan ng linguistic framing lamang. Kung pagbabatayan ang pampublikong pagtingin sa kasarian, ang ganitong mga diskursong sexist ay nagpapatatag ng mga estereotipo: ang babae bilang may delikadong reputasyon at ang lalaki bilang moral o may karapatang maglapat ng paghatol. Malinaw ang politikal na implikasyon nito, ang diskurso ay kumikiling sa pagpapanatili ng gendered status quo at naglilimita sa pantay na partisipasyon sa politika at media. Kailangang kilalanin at hamunin ang mga pattern na ito upang mabago ang mga gawi sa wika at mapalitan ng mas pantay at magalang na pampublikong wika.

## 5. Konklusyon

Malinaw na inihahayag ang pagkakaroon ng sistematikong pattern ng sexist na wika mula sa mga politikal na opisyal sa Pilipinas na sumasaklaw mula sa demeaning insult, sexual objectification, hanggang sa pag-normalize ng karahasan at exclusion mula sa liderato. Ang bawat pahayag ay nagreresulta ng suliranin na nagiging normal na lamang sa mga politiko ang paggamit ng mga sexist na salita sa loob mismo ng Senate hearing at maging sa mga campaign rally na kanilang dinadaluhan. Nangangahulugan lamang na sa kasalukuyang lipunan ay mas lalong bumababa ang dignidad ng mga kababaihan sa kadahilanang nagiging normal na lamang gawin "joke" o biro ang mga sexist na salita para lamang makapagpasaya sa ibang tao. Ang mga pahayag na inilalatag ng bawat politiko ay hindi lamang isolated na saloobin ng indibidwal na nagiging bahagi ito ng pampublikong diskurso na nagpapalaganap ng patriyarkal na mga norm at nagbubuo ng kumplikadong network ng stigma laban sa kababaihan. Nagdudulot ito ng konkretong pinsala: pinapahina nito ang politikal na representasyon ng kababaihan, pinapalala ang panganib sa kanilang kaligtasan, at pinipigil ang pantay na pagtingin sa kapasidad at dignidad ng kababaihan sa lipunan na kanilang ginagalawan. Upang mabago ang patern na ito, kinakailangan ng kolektibong aksyon o regulasyon sa pampublikong pahayag, responsableng pag-uulat ng media, at mas malalim na edukasyon sa gender sensitivity. Sa ganitong paraan, maiiwasan ang patuloy na pag-normalize ng sexist na wika at mapoprotektahan ang karapatan at dignidad ng lahat ng miyembro ng lipunan.

## Pagkilala

Ang mga mananaliksik ng pag-aaral na ito ay lubos na nagpapasalamat sa pagkakataong ibinigay ng Programang Gradwado ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika na udyukin sila na makagawa ng isang makabuluhang awtput sa sosyolinggwistiks lalo na sa nakasaad na paksa sa riserts na ito. Kinikilala rin ang ambag ng mga taga-rebyu ng artikulo sa lalong ikinabuti nito.

## Pahayag ng Salungatan ng Interes

Tinitiyak ng mga mananaliksik na ang papel na ito ay walang anumang salungatan ng interes mula sa ibang tao o organisasyon.

## Mga Reperensya

ABS-CBN News. (2024, July 3). Nancy Binay walks out after dispute with Cayetano over cost of new Senate building [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=LJrZLWackgY

Alvarez, K. C. (2017, May 3). Sotto on criticisms over "na-ano" gaffe: Sorry you didn't get the joke. GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/609366/sotto-on-criticisms-over-na-ano-gaffe-sorry-you-didn-t-get-the-joke/story/

Anti-Age Discrimination in Employment Act, Republic Act No. 10911 (2016) https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2016/ra_10911_2016.html

Asintado sa Radyo. "Balita ko ang mga taga-Nabua, parang chicharon..." [Video]. https://www.facebook.com/watch/?v=961419668888512

Bellis, Mary (2025) "History of Facebook and How It Was Invented." ThoughtCo, Thoughtco.com/who-invented-facebook-1991791

Bilozorov, Ye. V. (2022). The natural type of understanding of law as the basis of the activity theory of jurisprudence. Analytical and Comparative Jurisprudence, 2, 10–14. https://doi.org/10.24144/2788-6018.2022.02.1

Cariaga, J. A. D. (2023). Sexist language in published research articles: Basis for a gender-fair training program. E-Dawa: *An International Multidisciplinary Research Journal, 3*(1), 75–86. https://doi.org/10.56901/TGLT4342

Chi, C. (2025, April 9). Comelec asks Mocha Uson to explain controversial campaign jingle. Rappler. https://www.philstar.com/nation/2025/04/09/2434718/

Chi, C. (2024, July 4). Binay mulls ethics complaint vs Cayetano after name-calling, accusation vs media. Philstar.com. https://www.philstar.com/headlines/2024/07/04/2367733/binay-mulls-ethics-complaint-vs-cayetano-after-name-calling-accusation-vs-media

Colcol, E. (2019, February 13). 'Otso Diretso' candidates slam Bato for 'sexist' remark about Kapampangan women. GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/684856/otso-diretso-candidates-slam-bato-for-sexist-remark-about-kapampangan-women/story/

de Lemus, S., & Estevan-Reina, L. (2021). Influence of sexist language on motivation and feelings of ostracism. *International Journal of Social Psychology, 36*(1), 61–97. https://doi.org/10.1080/02134748.2020.1840230

Domingo, K. (2025, April 5). Pasig bet claims Vico Sotto hyping single mom joke "to divert public attention." ABS-CBN News. https://www.abs-cbn.com/news/nation/2025/4/4/pasig-bet-claims-vico-sotto-hyping-single-mom-joke-to-divert-public-attention-0002

Espinol, S. M. T., Alday, M. J. P., Tenorio, A. I., Reyes, J. J. T., Talavera, R. C., & Rabino, E. T. (2023). Gender and society with peace education: Towards an inclusive higher education perspective. Books Atbp. Publishing Corp. https://opac.mmsu.edu.ph/cgi-bin/koha/opac-detail.pl?biblionumber=24454&shelfbrowse_itemnumber=30966&utm

Felipe, C. S. (2023, April 20). Villar video berating guards on road barriers goes viral. Philstar.com. https://www.philstar.com/headlines/2023/04/20/2260260/villar-video-berating-guards-road-barriers-goes-viral

Flores, D. N. (2025, April 7). Batangas gubernatorial bet Ilagan ordered to explain ageist remark vs rival Vilma Santos. Philstar.com. https://www.philstar.com/nation/2025/04/07/2434209/batangas-gubernatorial-bet-ilagan-ordered-explain-ageist-remark-vs-rival-vilma-santos/

Gabriel, U., & Gygax, P. (2016). Gender and Linguistic Sexism. Advances in Intergroup Communication, 21, 177-192. https://psycnet.apa.org/record/2017-00698-011

Garcia, N. (2025, April 4). Pasig congressional candidate Ian Sia draws flak after joking that single moms may sleep with him. PhilSTAR Life. https://philstarlife.com/news-and-views/317810-pasig-congressional-candidate-ian-sia-draws-flak-joke-single-mothers

Hyde, J. S. (1984). Children's understanding of sexist language. *Developmental Psychology, 20*(4), 697–706. https://doi.org/10.1037/0012-1649.20.4.697

Java, A. (2024). Gendered language in Philippine newspapers. *Journal of Interdisciplinary Perspectives*, *2*(10), 280-287. https://doi.org/10.69569/jip.2024.0453

Khalaf, A. M., Alubied, A. A., Khalaf, A. M., Rifaey, A. A., Alubied, A., & Rifaey, A. (2023). The impact of social media on the mental health of adolescents and young adults: a systematic review. *Cureus*, *15*(8). https://www.cureus.com/articles/176889-the-impact-of-social-media-on-the-mental-health-of-adolescents-and-young-adults-a-systematic-review.pdf

Lips, H. M. (2020). *Sex and gender: An introduction*. Waveland Press. https://www.waveland.com/browse.php?t=720

Mahmud, Y., & Idegbekwe, D. (2020). A Multimodal Discursive Analysis of the Communicative Elements of Sexism in Facebook Picture Uploads. *International Journal of Language and Literary Studies*, *2*(2), 62-75. https://www.ijlls.org/index.php/ijlls/article/download/262/102

Malasig, J. (2025, April 7). 'Such a maniac': Misamis Oriental gov's sexist comment to nurses, nursing students earn condemnation. Interaksyon. https://interaksyon.philstar.com/politics-issues/2025/04/07/294484/

Manila Bulletin. (2026, March 6). Estrada slammed online for asking Gilas Women player about Filipino boyfriend. Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2026/03/06/estrada-slammed-online-for-asking-gilas-womens-player-about-filipino-boyfriend

Marjanovic, S., Stańczak, K., & Augenstein, I. (2022). Quantifying gender biases towards politicians on Reddit. *PloS one*, *17*(10), e0274317. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0274317

Mendoza, J. E. (2024, August 19). Padilla: Remarks on consent were hypothetical, not personal views. INQUIRER.net. https://newsinfo.inquirer.net/1974370/padilla-remarks-on-consent-were-hypothetical-not-personal-views

Moaje, M., & Abasola, L. (2024, July 8). Binay files ethics complaint vs. Cayetano. Philippine News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1228517

Panti, L. T. (2025, April 9). Comelec orders Davao de Oro guv bet to explain vulgar remarks during rallies. GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/942167/comelec-orders-davao-de-oro-guv-bet-to-explain-vulgar-remarks-during-rallies/story/

Panti, L. L. (2024, July 3). Nancy Binay walks out after dispute with Cayetano over cost of new Senate building. Philstar.com. https://www.philstar.com/headlines/2024/07/03/2367460/nancy-binay-walks-out-after-dispute-cayetano-over-cost-new-senate-building

Patinio, F. (2025, April 7). Comelec to 2 local bets: Explain 'sexist, hateful' remarks. Philippine News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1247641

Philippine Daily Inquirer. (2026, March 3). Anne Curtis, hanggang imagination lang ni Cong. Bong Suntay [Video]. Facebook. https://www.facebook.com/watch/?v=4078323542385066

Prior, J. (2017). Teachers, what is gendered language? https://rb.gy/7f3x3j

Republic Act No. 10175 - An Act Defining Cybercrime, Providing for the Prevention, Investigation, Suppression and the Imposition of Penalties  Therefor and for Other Purposes - Supreme Court E-Library. (2019). https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/50264

Republic Act No. 11036: An Act Establishing a National Mental Health Policy for the Purpose of Enhancing the Delivery of Integrated Mental Health Services. Promoting and Protecting the Rights of Persons Utilizing Psychiatric, Neurologic and Psychosocial Health Services, Appropriating Fund Therefore and for other Purpose-Supreme Court E-Library. (2018) https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/shodocs/2/83255

Rivera, F., & Adriatico, D. (2022). Sexist Languages on the Facebook Page Threads of Philippines' Most Followed Female Social Media Influencer. E-Dawa: An *International Multidisciplinary Research Journal, 1*(1). https://doi.org/10.56901/vluc5863

Rodriguez, A. M., & Rodriguez, A. M. L., (2019). Gender and Society "The Whys of Women Their Oppressions, and Paths to Liberation". C&E Publishing, Inc. 839 EDSA, South Triangle, Quezon City. http://mololibrary.jblfmu.edu.ph/Gender%20and%20Society%20by%20Rodriguez%202023%20et.%20al.pdf

Sczesny, S., Formanowicz, M., & Moser, F. (2016). Can gender-fair language reduce gender stereotyping and discrimination?. *Frontiers in psychology*, *7*, 154379. https://www.frontiersin.org/journals/psychology/articles/10.3389/fpsyg.2016.00025/full

Serquiña, M. C. (2025, April 13). Cavite candidate Anarna apologizes for solo parent remarks. GMA Integrated News. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/content/942593/cavite-candidate-anarna-apologizes-for-solo-parent-remarks/story/

Shoemaker, P. J., & Vos, T. P. (2023). Mass communication: An introduction (9th ed.). Routledge. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=3693127

Suntay, J. M. (2026, March 4). Suntay says sorry 'if some people were offended' by 'nag-init' remark but stands by analogy. ABS-CBN News. https://www.abs-cbn.com/news/nation/2026/3/4/suntay-says-sorry-for-nag-init-remark-but-stands-by-analogy-0845

Supreme Court E-Library. (2019). Republic Act No. 7877 - An Act Declaring Sexual Harassment Unlawful in the Employment, Education or Training Environment, and For Other Purposes - Supreme Court E-Library. https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/2826

Swim, J. K., Mallett, R., & Stangor, C. (2004). Understanding subtle sexism: Detection and use of sexist language. *Sex roles*, *51*(3), 117-128.

https://www.researchgate.net/publication/227040305_Understanding_Subtle_Sexism_Detection_and_Use_of_Sexist_Language

Tacadena, K. G. (2016, April 17). Duterte under fire for viral rape joke video. GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/562997/duterte-under-fire-for-viral-rape-joke-video/story/

The Guardian. (2016, February 16). Manny Pacquiao provokes storm by calling gay people "worse than animals". https://www.theguardian.com/sport/2016/feb/16/manny-pacquiao-gay-people-worse-than-animals

The LAWPHiL Project. (2018). Republic Act No. 11313. Lawphil.net. https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2019/ra_11313_2019.html

*Ambag ng May-akda:* Villastique, C.M.; Pangunahing awtor na nanguna sa konseptuwalisasyon ng pananaliksik hanggang sa pagkakabuo nito. Exsan, N.; Bala, C.A.; Esoy, M.; Tumulong sa pagsusuri ng mga datos ng pananaliksik at nagbigay ng mahahalagang detalye sa papel upang mapagtibay ang argumento. Pandapatan, A.; Naging katuwang at tagagabay ng pangunahing awtor sa maayos na konseptuwalisasyon nito, nagbigay ng sapat na puna para sa ikauunlad ng pag-aaral at tiniyak na nasusunod ang etikal na pamamaraan ng pagsulat ng pananaliksik.